



Lungsod at County ng San Francisco, Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad (City and County of San Francisco, Mayor's Office of Housing and Community Development)

MOHCD 2020-2024 Proseso ng Stratehikong Pagpapalano: Buod ng Pagpapalahok ng Komunidad at Mahahalagang Napag-alaman

Introduksiyon

Bilang pagsuporta sa pagbuo ng 2020-2014 Pinagsamang Plano (Consolidated Plan), Pagsusuri sa mga Hadlang sa Pagpili Tungo sa Makatarungang Pabahay (Fair Housing Choice), at Plano para sa Pabahay ng mga may HIV (HIV Housing Plan), lumahok ang Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad sa Komunidad (Mayor's Office of Housing and Community Development, MOHCD) sa pag-abot sa proseso ng pag-abot sa nakararami o pag-a-outreach at pagpapalahok sa kabuuan ng komunidad, kung saan kasama ang mga may nakatayang interes o stakeholders at mga residente ng San Francisco. Nagsisilbi ang prosesong ito bilang balangkas upang matukoy ang mga prayoridad sa pabahay at pagpapaunlad sa komunidad, at kasunod nito, maisulong ang mga layunin at stratehiya na naisa-isa-isa na sa mga pinal na plano. Sa huli, gagamitin ng MOHCD ang mga opinyon at prayoridad ng komunidad at nang mabigyan ng impormasyon ang paggawa ng desisyon sa pagpopondo ng mga serbisyo para sa komunidad at pabahay.

Nakipagkontrata ang MOHCD sa Resource Development Associates (RDA) upang makabuo ng magkasama nang stratehiya sa pag-abot sa nakararami at pagpapalahok sa tatlong planong ito, pati na rin sa mga pagsusumikap sa pagpapalano na pinamumunuan ng Opisina para sa Pagpapaunlad ng Ekonomiya at mga Nagtatrabaho (Office of Economic and Workforce Development) at ng Departamento para sa Pagpapalano (Planning Department). Sa panahon ng prosesong ito, nagsumikap ang MOHCD na abutin ang mas nakakarami sa malawak na saklaw ng mga stakeholder (mga nakatayang interes sa komunidad) at residente para sa kanilang perspektiba, pangangailangan, tugon, at opinyon, at espesipikong pinagtuunan nito ang pinakabulnerableng mga populasyon ng Lungsod.

Kritikal na bahagi ng prosesong ito ng stratehikong pagpapalano ang pagbibigay ng opinyon ng komunidad, dahil nagkakaloob ito ng mahalagang datos upang matiyak na natutugunan ng mga pinopondohang programa at serbisyo ang pinaka-prayoridad na pangangailangan ng bulnerableng mga populasyon, pati na rin ang Lungsod sa kabuuan. Sa panahon ng prosesong ito, nakuha ang opinyon ng publiko sa pamamagitan ng mga miting ng komunidad (porum sa komunidad at focus group [grupo para sa nakatuong diskusyon] na mula sa mga espesipikong populasyon) at dalawang online na sarbey, kung saan mayroon ding puwedeng masagutan na papel na sarbey. Inilalarawan sa mas detalyadong paraan sa ibaba ang dalawang paraan na ito ng pangongolekta ng datos nang may paglahok (participatory data collection) at ang demograpiya (mga katangian ng populasyon) ng mga kalahok.

Mga Porum sa Komunidad at Focus Group (grupo para sa nakatuong diskusyon)

Naging tagapagpadaloy (facilitator) ang MOHCD sa 10 pampublikong porum batay sa komunidad, at 38 focus group na nakatuon sa mga espesipikong populasyon. Lumahok ang mga kinatawan mula sa kabuuang hanay ng mga stakeholder sa pabahay sa mga porum at focus group, kasama na ang mga indibidwal na nakararanas ng kawalan ng tahanan (homelessness), residente ng pampubliko at may subsidyong pabahay, nagkakaloob ng serbisyo sa pabahay at serbisyong panlipunan, tagapagtaguyod ng pabahay para sa may HIV/AIDS, may-ari ng bahay, bagong residente sa San Francisco, bagong migrante, at habambuhay nang residente ng Lungsod. Naging tagapagpadaloy din ang MOHCD sa mga grupong pangkultura, kasama na ang mga miyembro ng mga komunidad na Aprikano Amerikano, Cambodian, Samoan, Vietnamese, LGBTQ, at PLWHA. Sinagutan ng mga kalahok ang serye ng may istrukturang mga tanong sa malawak na hanay ng mahahalagang larangan, kasama na ang mga pangangailangan para sa pabahay at serbisyo, hadlang sa pagkakaroon ng pabahay at mapagpipilian, pagbabago ng mga komunidad, at diskriminasyon at makatarungang pabahay.

May kabuuang bilang na 1,395 indibidwal ang nakibahagi sa mga miting ng komunidad na isinagawa sa iba't ibang lugar sa San Francisco sa pagitan ng Nobyembre 2018 at Marso 2019. May kabuuang bilang na 656 residente at stakeholder ang lumahok sa 10 porum sa komunidad, at hindi bababa sa 684 ang lumahok sa 38 focus group, kung saan 16 ang isinagawa sa mga lugar ng pampublikong pabahay na nagawang mga pabahay sa pamamagitan ng programang Federal Rental Assistance Demonstration (programang binibigyan ng awtorisasyon ang paglilipat ng anyo ng pederal na pondo, RAD). Posibleng mas maliliit ang mga numerong ito kaysa sa aktuwal na pagdalo dahil may ilang kalahok na hindi nag-sign in o nagpatala. Inililista ng mga sumusunod na table (talahanayan) ang mga pagtitipon na isinagawa sa panahon ng prosesong ito.



**Lungsod at County ng San Francisco, Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad
(City and County of San Francisco, Mayor's Office of Housing and Community Development)**

MOHCD 2020-2024 Proseso ng Stratehikong Pagpapalano: Buod ng Pagpapalahok ng Komunidad at Mahahalagang Napag-alaman

Mga Porum sa Komunidad ng MOHCD	
Bayview Hunters Point / Distrito 10	South of Market / Distrito 6
Castro / Distrito 8 at Distrito 7	Sunset / Distrito 4 at Distrito 1
Chinatown / Distrito 3 at Distrito 2	Tenderloin / Distrito 6
Excelsior and OMI / Distrito 11	Visitacion Valley / Distrito 10
Mission / Distrito 9	Western Addition / Distrito 5

Mga Focus Group ng MOHCD sa Komunidad	
Komunidad na Aprikano Amerikano	Human Service Network
Komunidad ng mga Cambodian	Komunidad ng LGBTQ
Konseho ng mga Organisasyon para sa Pangkomunidad na Pabahay (Council of Community Housing Organizations)	Lokal na Lupong Tagapag-ugnay para sa mga Walang Tahanan (Homeless Coordinating Board)
Pagpigil sa mga Pagpapaalis o Eviction/ Pagbibigay-lakas sa mga Umuupa o Tenant	Tagapag-ugnay na Konseho para sa Pangmatagalang Pangangalaga (Long Term Care Coordinating Council)
Komunidad ng mga may HIV	Konseho ng Mayor para sa Mga May Kapansanan (Mayor's Disability Council)
Mga Nagkakaloob ng Pabahay sa mga May HIV (HIV Housing Providers)	Komunidad ng mga Samoan
Mga May-ari ng Bahay (Homeowners) - BMR	Senior and Disability Action
HOPE SF Hunters View Housing Community	SF Immigrant Legal & Education Network
HOPE SF Potrero Hill Housing Community	SF Latino Parity & Equity Coalition
HOPE SF Sunnydale Housing Community	Komunidad ng mga Transgender
Koalisyon para sa Aksiyon sa Pabahay (Housing Action Coalition)	Komunidad ng mga Vietnamese

Mga Lugar para sa Focus Group ukol sa Rental Assistance Demonstration	
1760 Bush Street	491 31st
1880 Pine Street	Bernal Dwellings
3850 18th Street	Clementina Towers
25 Sanchez	Hayes Valley North & South
255 Woodside	John F Kennedy Apts.
2698 California	Mission Dolores
345 Arguello	Robert B. Pitts
462 Duboce	Westside Courts

Mga Sarbey sa Komunidad

Bumuo ang MOHCD ng dalawang sarbey sa komunidad upang makuha ang mga pangangailangan para sa serbisyo na nakatuon sa pabahay at hindi nakatuon sa pabahay, pati na rin ang kanilang karanasan sa mga programa at serbisyo ng MOHCD at OEWD.

Sarbey para sa Pagpapalano (Planning Survey)

Tinanong ng sarbey na ito sa mga sumagot kung ano ang kailangan nila upang makakuha ng pabahay at manatili sa pabahay, aling mga serbisyo hindi nakatuon sa pabahay ang pinakaimportante sa kanila at sa kanilang pamilya,



**Lungsod at County ng San Francisco, Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad
(City and County of San Francisco, Mayor's Office of Housing and Community Development)**

MOHCD 2020-2024 Proseso ng Stratehikong Pagpapalano: Buod ng Pagpapalahok ng Komunidad at Mahahalagang Napag-alaman

anong paraan ang mas gusto nila upang makakuha ng serbisyo, ano-ano ang kanilang opinyon ukol sa MOHCD, at iba pang tanong tungkol sa kalidad ng buhay. May kabuuang bilang na 2,219 sagot sa sarbey na ito.

Sarbey tungkol sa Ebalwasyon ng Programa (Program Evaluation Survey)

Matapos makompleto ang Sarbey sa Pagpapalano, nagkaroon ng oportunidad ang mga kalahok na makompleto ang sarbey tungkol sa Ebalwasyon ng Programa, na nagtanong naman sa kanila tungkol sa paggamit ng mga programa at serbisyo ng MOHCD at ng OEWD. Tinanong ang mga sumagot tungkol sa kanilang paggamit ng mga programa para sa pagpapaunlad ng ekonomiya at mga nagtatrabaho, programa para sa pagbibigay ng puwesto sa pabahay, serbisyo para sa pabahay, at pangkomunidad na serbisyo, at pagkatapos, hiniling sa kanilang bigyan ng marka ang mga ito at ilarawan ang kanilang pangkalahatang karanasan sa mga programa at serbisyong ito. Dahil dito, nakakolekta ang sarbey ng espesipikong datos ukol sa paggamit (utilization data) at napaghambing ang mga ito sa malawak na hanay ng mga programa at serbisyo ng Lungsod at programa at serbisyong pangkomunidad, at tiningnan din ang bahagyang pagkakapareho o pagkakaiba sa numerikal na pagraranggo ng mga kalahok at ang kanilang kuwalitatibong pagtatasa (qualitative assessment). May kabuuang bilang na 1,537 sagot sa sarbey na ito.

Demograpiya ng mga Kalahok

Sa pangkalahatan, hiniling sa mga kalahok sa porum at focus group na kompletuhin ang mga form at tukuyin ang ilang katangiang demograpiko, kasama na ang kasarian, lahi o etnisidad, at seksuwal na oryentasyon, pero hindi piniling kompletuhin ng lahat ng kalahok ang form na ito. Kasama rin sa Sarbey ukol sa Pagpapalano ang bahaging demograpiko kung saan isinaad ng mga sumagot ang kanilang edad, lahi/etnisidad, kasarian, seksuwal na oryentasyon, estado ng pagkakaroon ng HIV/AIDS, estado ng pabahay, estado ng pagkakaroon ng kapansanan, antas ng kita, naabot na edukasyon, at mas pinipiling wika.

Binabalangkas ng mga tsart sa ibaba ang demograpikong impormasyon para sa lahat ng kalahok sa porum, focus group, at sarbey.

Table (Talahanayan) 1: Sariling Pag-uulat ukol sa Identidad sa Kasarian sa Kabuuan ng mga Pagsusumikap para sa Pag-a-outreach sa Komunidad

Identidad sa Kasarian	%
Babae	60%
Lalaki	33%
Mas gusto kong huwag sagutin ito	3%
Genderqueer (walang identipikasyon)/Gender Non-binary (hindi eksklusibong babae o lalaki)	3%
Trans na Babae	<1%
Iba pa	<1%
Trans na Lalaki	<1%

Table (Talahanayan) 2: Sariling Pag-uulat ukol sa Seksuwal na Oryentasyon sa Kabuuan ng mga Pagsusumikap para sa Pag-a-outreach sa Komunidad

Seksuwal na oryentasyon	%
Straight/ Heteroseksuwal	60%
Bakla/ Lesbiana/Nagmamahal sa taong pareho ang kasarian	14%
Mas gusto kong huwag sagutin ito	14%
Bisexual (dalawa ang kasarian)	9%
Iba pa	3%
Nagtatanong/Hindi tiyak	<1%



Table (Talahanayan) 3: Sariling Pag-uulat ukol sa Lahi/Etnisidad sa Kabuuan ng mga Pagsusumikap para sa Pag-a-outreach sa Komunidad

Lahi/Etnisidad	%
Asyano	33%
Puti	31%
Itim, Aprikano Amerikano o Aprikano	14%
Latino/a o Hispaniko	13%
Amerikanong Indian o Katutubong Taga-Alaska	5%
Taga-Gitnang Silangan o Hilagang Aprika	2%
Katutubong Hawaiiانو o iba pang taga-Isla Pasipiko	1%

Buod ng mga Napag-alaman

Pangkalahatang mga Pangangailangan at Inaalala ng Komunidad

1. Sa mga natukoy na inaalala noong isinasagawa ang pagpapalahok sa komunidad, nakitang pinakamadalas na inaalala ng mga stakeholder sa San Francisco ang pagkawala ng tinitirhang lugar (displacement), pagtataas ng presyo sa pabahay, pangkalahatang kalinisan at kaligtasan ng komunidad, at pagkakaroon ng transportasyon.
2. Natukoy ng mga sumali sa pagpapalahok ng MOHCD sa komunidad na kasinghalaga ng pangangailangan mismo sa pabahay ang mga serbisyo upang masuportahan ang pagsandal sa sarili at pagkakaroon ng katatagan.
3. Marami sa mga stakeholder ang nagsaad ng malaking pangangailangan para sa mga serbisyo na inklusibo o bukas sa iba't ibang kultura at espesipiko sa iba't ibang kultura.
4. Ipinahayag ng mga kalahok ang pangangailangan para sa higit na kamalayan ukol sa mga pasikot-sikot at pamamaraan upang makakuha ng serbisyo, kasama na kapwa ang serbisyo sa pabahay, at iba pang serbisyo para sa pagbibigay ng suporta.
5. Ipinahayag ng mga stakeholder ang hangad nila para sa mas inklusibo at mas hindi mahigpit na mga pamantayan para sa pagiging kuwalipikado sa abot-kayang pabahay.
6. Isinaad ng marami sa mga miyembro ng komunidad ang pangangailangan para sa mas maraming oportunidad upang makapagbigay ng opinyon ukol sa mga polisiya ng Lungsod sa pagiging kuwalipikado sa pabahay, pati na rin sa pakikilahok sa pagbuo at pagpapaunlad ng mga programa para sa abot-kayang pabahay.
7. Humiling ang mga stakeholder ng higit na mas simple o streamlined na mga serbisyo, mas pinahusay na kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensiya, at mas matibay na pakikipagkomunikasyon sa pagitan ng mga ahensiya, at nang masuportahan ang paghahatid kapwa ng mga serbisyo sa pabahay at serbisyo para sa pagbibigay ng suporta.

Labinlima na pinakakailangang pabahay at mga serbisyo para sa pabahay (sa kabuuan ng lahat ng paraan sa pag-a-outreach)

Abot-kayang pabahay
Tulong sa upa/murang pabahay
Tulong sa mga pasikot-sikot sa pabahay at sa aplikasyon
Ligtas na shelter o kanlungan, transisyonal at permanenteng kapaligiran para sa pabahay
Mas maraming proteksiyon sa pabahay
Pabahay para sa matatanda at pabahay na mapapasok at magagamit (accessible)
Suporta para maiwasan ang pagpapaalis o eviction
Mga subsidyo sa pabahay
Edukasyon para sa mga umuupa o tenant
Supportive housing (pabahay na may kasamang mga serbisyo para sa dating walang tahanan o may kapansanan)
Tulong sa paunang bayad o down-payment
Pabahay na malapit sa trabaho
Tulong sa pakikipagnegosasyon sa nagpapaupa o landlord

Mga Pabahay na Serbisyo

1. Binigyang-diin ng mga sumali sa pagpapalahok sa



**Lungsod at County ng San Francisco, Opisina ng Mayor para sa Pabahay at Pagpapaunlad ng Komunidad
(City and County of San Francisco, Mayor’s Office of Housing and Community Development)**

MOHCD 2020-2024 Proseso ng Stratehikong Pagpapalano: Buod ng Pagpapalahok ng Komunidad at Mahahalagang Napag-alaman

- komunidad ang pangangailangan para sa mga kapaligiran kung saan may abot-kayang pabahay para sa nasa pinakabulnerableng dulo ng hanay ng mga pabahay: shelter o kanlungan at transisyonal na pabahay para sa nakararanas ng kawalan ng tahanan; nagagamit o accessible na pabahay para sa matatanda at indibidwal na may kapansanan; at abot-kayang pabahay para sa mga kabahayang pinakamababa ang kita.
- Bagamat ang abot-kayang pabahay ang pinakamadalas banggitin na pangangailangan para sa mga serbisyo sa pabahay, patuloy na usapin ang pagkilala sa interseksiyon ng kalusugan at pabahay sa kabuuan ng mga diskusyon, dahil binigyang-diin ng mga kalahok ang pangangailangan para sa ligtas at malusog na kapaligiran para sa pamumuhay.
- Nagpahayag ang mga miyembro ng komunidad ng pangangailangan para sa mas malakas na suporta at proteksiyon laban sa pagpapaalis, at para sa mga umuupa, kasama na ang edukasyon sa umuupa, at pati na rin ang mga polisiya ng Lungsod upang mapigil ang labag sa batas na pagpapaalis.

Pagkakaroon ng Pabahay, mga Persepsiyon o Inaakala, at mga Hadlang

- Tinukoy ng mga kalahok ang pagkawala sa tinitirhang lugar (displacement) at ang tumataas na presyo ng pabahay bilang pinaka-inaalala na nakaaapekto sa pagkakaroon ng pabahay at sa kakayahan na manatili sa pabahay.
- Ipinahayag kapwa ng mga umuupa at may-ari ng bahay na kakaunti ang pangkalahatang mapagpipilian sa pabahay dahil pakiramdam nila “naka-lock in o nakakulong” na sila.
- Itinampok ng mga kalahok ang mga hadlang sa pagkakaroon ng bahay bilang nakasentro kapwa sa presyo ng bahay at opsiyon para sa pagpipinansiya.
- Ibinahagi ng mga kalahok sa forum sa komunidad ang mga katangian na pinaniniwalaan nilang mayroon ang kaakit-akit na komunidad, at tinukoy nila ang mga katangiang tulad ng pampublikong transportasyon, berdeng espasyo, at kaligtasan.
- Nagbahagi ang mga sumali sa pagpapalahok sa komunidad ng iba’t ibang karanasan sa diskriminasyon sa pabahay, pero sa pangkalahatan, inilantad ng kanilang mga sagot na walang iisa, espesipiko, at lantad na uri ng diskriminasyon. Ipinapakita ng mga sagot na ito ang higit na malawakan at nakapirmi nang sistema ng diskriminasyon na nakaaapekto sa mga taong may kulay (people of color) at mga komunidad ng Aprikano Amerikano sa partikular.

Mga Serbisyong Panlipunan at Mga Serbisyong Nagbibigay ng Suporta

- Kailangan ng mga miyembro ng komunidad ng abot-kaya at naka-target na suporta para sa matinding karanasan o trauma, PTSD, pagkakasakit kaugnay ng paggamit sa droga at iba pang sangkap, at iba pang kondisyon ng kalusugan sa isip. Ang magkasamang mga serbisyo para sa kalusugan ng isip at pag-iwas sa paggamit ng droga at iba pang sangkap ang pinakamadalas na nabanggit na kailangang serbisyong panlipunan at serbisyo para sa pagbibigay ng suporta sa lahat ng miting ng komunidad.
- Kung ihahambing sa mga pangangailangan para sa pabahay, higit na masidhi ang pangangailangan para sa panlipunang serbisyo at serbisyong nagbibigay ng suporta, at nag-iiba-iba ang mga ito ayon sa populasyon. Kataka-taka,

Labinlima na pinakakailangang serbisyong panlipunan at serbisyo para sa pabahay (sa kabuuan ng lahat ng paraan sa pag-a-outreach)
Tulong sa mga benepisyo (CalWorks, SNAP, Medi-Cal, at iba pa)
Mas mahusay na daan para magkaroon ng pangangalaga sa kalusugan
Pagkakaroon ng masustansiyang pagkain
Suporta para sa kalusugan ng isip (mental health) at suporta para maiwasan ang pang-aabuso sa droga at iba pang sangkap
Suporta sa wika
Kaalaman tungkol sa mga makukuhang serbisyo
Suporta para sa matatanda at taong may kapansanan
Abot-kayang pangangalaga sa bata
Pamamahala sa kaso
Legal – mga karapatan ng konsumer/ karapatang sibil
Legal - mga karapatan ng manggagawa/ karapatan sa pag-eempleyo
Legal - suporta sa imigrasyon



- pero humigit-kumulang na naipahayag nang 860 beses ng mga kalahok ang pangangailangan para sa anumang uri ng panlipunang serbisyo at serbisyo para sa pagbibigay ng suporta. Ipinahayag nang 520 beses ng mga kalahok ang anumang uri ng pangangailangan na kaugnay ng pabahay. Bukod sa mas madalas na naipahayag ito, nag-iba-iba rin ang mga pangangailangan para sa panlipunang serbisyo at serbisyo para sa pagbibigay ng suporta batay sa populasyon.

Kaalaman tungkol sa mga Serbisyo at Pagkakaroon ng mga Serbisyo

- Isinaad ng mga kalahok na limitado ang kanilang kaalaman tungkol sa pagkakaroon ng serbisyo para sa pabahay at panlipunang serbisyo, at ang pagiging kuwalipikado para sa mga ito, pati na rin ang pangangailangan ng tulong upang malaman ang pasikot-sikot sa mga serbisyong ito.
- Bukod sa pangangailangan para sa higit na kaalaman ukol sa mga kinakailangan upang maging kuwalipikado, ipinahayag din ng mga stakeholder na posibleng hadlang ang mga kinakailangan upang kuwalipikado sa pagkakaroon ng mga serbisyo.
- Ipinahayag ng mga kalahok ang pangangailangan para sa inklusibo o bukas sa lahat na serbisyo upang magkaroon ng suporta sa wika, at nang sa gayon maitaguyod kapwa ang kaalaman tungkol sa mga serbisyo at ang pagkakaroon ng mga serbisyo, lalo na sa kalusugan at pabahay.
- Nakaranas ang mga residente ng ilang hadlang sa transportasyon sa San Francisco, kasama na ang mahahabang panahon ng paghihintay, kaligtasan, at gastos sa transportasyon, na nagiging hadlang sa pagkakaroon ng trabaho, medikal na pakikipagkita, at iba pang serbisyo.

Koordinasyon ng mga Serbisyo.

- Humiling ang mga stakeholder ng higit na mas simple o streamlined na mga serbisyo, mas pinahusay na kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensiya at mas matibay na pakikipagkomunikasyon sa pagitan ng mga ahensiya, at nang masuportahan ang paghahatid kapwa ng mga serbisyo sa pabahay at serbisyo para sa pagbibigay ng suporta.
- Humiling ang mga miyembro ng komunidad na lumahok sa mga forum at focus group ng higit na suportang pinansiyal at suporta sa pagkakaroon ng higit na kakayahan ng mga organisasyong non-profit at iba pang nagkakaloob ng serbisyo (service providers), kasama na ang pagbabago sa mga patakaran sa pangongontrata.

Pag-asa sa Sarili para sa Mga Pangangailangan sa Pera (Economic Self-sufficiency)

- Ipinahayag ng mga kalahok ang lubos na pangangailangan para sa may bayad na mga programa ng pagsasanay para sa trabaho, na nagkakaloob ng mga landas tungo sa pag-eempleyo na may suweldong ikinabubuhay at nakapagpapanatili Binigyang-diin ng mga kalahok na bagamat mayroong mga oportunidad ng pagsasanay para sa trabaho sa kasalukuyan, walang bayad ang mga ito at/o posibleng hindi naka-ugnay sa pangmatagalang pagtatrabaho.
- May malaking pangangailangan para sa mga programa ukol sa kaaalamang pinansiyal at pinansiyal na pagpapalano, pati na rin para sa mga pinansiyal na serbisyo, lalo na sa mga serbisyo sa pagpapayo ukol sa pagtitipid at credit. Bukod sa malalaking hadlang sa kita, nararamdaman ng mga kalahok na kulang sila sa mga kasangkapan para sa pinansiyal na

Labinlima na pinakakailangan upang umasa sa sarili para sa mga pangangailangan (sa kabuuan ng lahat ng paraan sa pag-a-outreach)

Pagsasanay sa Trabaho
Pagkakaroon ng Trabaho
Pagpapalano at edukasyon ukol sa pinansiya
Pagkakaroon ng mga bagong kakayahan sa trabaho
Pagkakaroon ng mga klaseng ESL (pag-aaral sa Ingles)
GED at mga programa para sa pagkuha ng diploma sa high school
Lokal na pag-eempleyo
Mga Serbisyong Pampinansiya at Serbisyo sa Credit
Pagkakaroon ng teknolohiya/Edukasyon ukol sa teknolohiya
Permanenteng trabaho/mga oportunidad sa karera
Pagpapayo o coaching ukol sa pag-eempleyo
Mga trabaho para sa "uring manggagawa o working class"



3. pagpapalano at kaalamang pinansiyal, kung kaya't hindi man lamang mapagsimulan ang proseso ng pagmamay-ari ng tahanan.
4. Gusto ng mga residente na kumuha ang mga taga-empleyo ng San Francisco ng mas maraming lokal na residente. Ang mga kalahok ay may pagkaunawang nuanced (nakikita ang iba't ibang aspeto) sa epekto ng mga nakasanayang gawain sa pag-empleyo sa mga residenteng napakababa ng kita. Isinaad nila na ang pagbibigay ng insentiba sa mga empleyadong mataas kung magpasuweldo, at posibleng mag-empleyo ng lokal na tao para sa mga posisyong mataas ang suweldo sa mga espesipikong industriya, at nang lumipat ang mga taga-empleyong ito sa San Francisco, ay hindi nakaaapekto sa mga residenteng pinakanangangailangan ng trabahong sapat ang kita upang mabuhay.

Pagbibigay ng Lakas sa Komunidad at Pagpapalahok Dito

1. Gusto ng mga bulnerableng stakeholder sa komunidad ng mas mahusay na mga relasyon at pagpapanagot sa MOHCD. Sa pangkalahatan, lubos na nagpapasalamat ang mga miyembro ng komunidad sa oportunidad na lumahok sa mga porum at focus group at ibahagi ang kanilang mga perspektiba at suhestiyon, pero ipinahayag din ng mga kalahok na gusto nilang ipagpatuloy ng MOHCD ang pagkakaroon ng mga miting sa komunidad na kagaya ng porum, at nang mapanatili ang pagkakaroon ng pulso sa mga pangangailangan ng komunidad, partikular na sa mga pangangailangan ng mga bulnerableng populasyon. Binigyang-diin ng mga kalahok na upang maiwasto ang historikal na kawalan ng pagkakapantay-pantay, kailangang may mga nakapirmi nang hakbang sa pagpapanagot upang makatugon ang Lungsod.

2. Ipinahayag ng mga kalahok ang malawakang pangangailangan para sa mga stratehiyang may kaalaman ukol sa kultura at inklusibo ang pag-a-outreach at pagpapalahok sa komunidad, at nang maitaguyod ang lalo pang pagpapalakas sa komunidad at maiugnay ang mga residente sa mga serbisyo. Pagkakaroon ng kaalaman sa kultura at inklusibong pag-a-outreach sa komunidad ang pinakamadalas na nabanggit na pangangailangan kaugnay ng pagpapalahok sa komunidad. Nagpapasalamat ang mga miyembro ng komunidad na may kasalukuyang mga pagsusumikap na makapag-outreach upang maipagbigay-alam ang mga itinataguyod ng Lungsod na serbisyo sa pabahay at serbisyo para sa pagbibigay ng suporta, pero hindi nakaaabot ang mga pagsusumikap na ito sa ilang komunidad. Lubos na naniniwala ang mga kalahok na magbubunga ang paggamit ng mga stratehiya sa pag-a-outreach na may kaalaman ukol sa kultura ng higit na kamalayan sa mga serbisyo at pakikilahok sa mga ito.

Labinlimang pinakakailangan para sa pagbibigay ng lakas sa komunidad at pagpapalahok dito (sa kabuuan ng lahat ng paraan ng pag-a-outreach)
Kaalaman ukol sa kultura at pagiging inklusibo (mga kultural na pagtitipon, pag-a-outreach na nakabatay sa kultura)
Mga pagtitipon ng komunidad (block party o kasiyahan sa kalye, pagtitipon sa pista opisyal o walang pasok, pagtitipon para sa sports, farmers market o tiangge)
Espasyo ng komunidad (espasyo para sa paglilibang, berdeng espasyo, espasyo para sa sining)
Suporta at kakayahan para sa nonprofit
Paradahan
Pagpapalano ng komunidad
Suporta para sa maliliit na negosyo
Mga oportunidad sa pagboboluntaryo
Mga pulong at workshop ng komunidad
Pagkakaroon ng pananagutan
Mga pagsusumikap para sa pagpapalahok at pakikipagkomunikasyon sa komunidad
Nakatuong pag-aalok ng mga serbisyo
Mga pagsusumikap sa paglilinis ng komunidad na naka-base sa komunidad

3. Katulad nito, ipinahayag ng mga sumagot na ang pagpaparami ng bilang ng mga pangkulturang pagtitipon na mapupuntahan ng mga miyembro ng komunidad ay makapagpapataas din ng kanilang pakiramdam ng pagkakaroon ng komunidad.